

Paglikha ng Kahulugan sa Katutubong Sining ng Mindanao: Isang Hermenyutikal na Pag-aaral sa Interpretasyon ng mga Mag-aaral

John Mark B. Traña¹ , Mary Christelle Concepcion C. Bienes² , Julie Ann A. Orobia³ 

Author Information:

¹ Don Carlos Polytechnic College, Don Carlos, Bukidnon, Philippines

² Kalilangan National High School, Kalilangan Bukidnon, Philippines

³ College of Education, Central Mindanao University, Maramag, Bukidnon, Philippines

Correspondence:

jtrana@dcpc.edu.ph

Article History:

Date Received: July 18, 2026

Date Revised: August 4, 2026

Date Accepted: August 5, 2026

Date Published: September 06, 2026

DOI: <https://doi.org/10.67903/ijroms0315>

Document ID: 2026IJROMS0315

Recommended Citation:

Traña, J. M. B., Bienes, M. C. C., & Orobia, J. A. (2026). Paglikha ng kahulugan sa katutubong sining ng Mindanao: Isang hermenyutikal na pag-aaral sa interpretasyon ng mga mag-aaral. *International Journal of Research on Multidisciplinary Studies*, 1(7), 570-579. <https://doi.org/10.67903/ijroms0315>

Abstract. Sa kabila ng lumalawak na mga pag-aaral hinggil sa katutubong sining at interpretasyong biswal, nananatiling limitado ang mga pananaliksik na sumusuri sa proseso ng paglikha ng kahulugan batay sa Pilosopikal na Hermenyutika ni Hans-Georg Gadamer. Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang proseso ng paglikha ng kahulugan ng mga mag-aaral sa Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino sa kanilang pagpapakahulugan sa katutubong sining ng Mindanao. Ginamit sa pananaliksik ang kwalitatibong hermenyutikal na disenyo upang higit na maunawaan ang dinamiko at masalimuot na proseso ng interpretasyon ng mga kalahok. Sampung (10) mag-aaral ang napili sa pamamagitan ng purposive sampling batay sa kanilang kaugnay na karanasan at kakayahang magbigay ng masusing interpretasyon. Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng semi-structured interview at visual elicitation gamit ang mga piling larawan ng katutubong sining ng Mindanao. Sinuri ang mga nakalap na salaysay sa pamamagitan ng hermenyutikal na tematikong pagsusuri na nakabatay sa mahahalagang konsepto ni Gadamer, kabilang ang pre-understanding, historically effected consciousness, hermeneutic circle, at fusion of horizons. Lumitaw sa pag-aaral na nagsisimula ang pagbuo ng kahulugan sa masusing pagmamasid at paglalarawan ng mga elementong biswal, na sinusundan ng pagbibigay-interpretasyon sa mga simbolo, motibo, at representasyong pangkultura. Natuklasan ding may mahalagang impluwensiya ang dating kaalaman, personal na karanasan, kontekstong sosyokultural, at edukasyong pangwika sa paghubog ng interpretasyon ng mga mag-aaral. Sa huli, nabuo ang mas malalim na pag-unawa sa pamamagitan ng fusion of horizons, kung saan nagsasanib ang dating pananaw ng mga kalahok at ang historikal at kultural na kontekstong kinakatawan ng katutubong sining ng Mindanao. Ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang katutubong sining ay nagsisilbing mahalagang tekstong pangkultura na nagpapalawak ng mapanuring pag-iisip, nagpapayaman sa interpretasyong hermenyutikal, at nagpapalalim sa paglikha ng kahulugan sa larangan ng edukasyong pangwika at panitikan.

Mga Mahahalagang Salita: Edukasyong pangwika; Hermenyutika; interpretasyong hermenyutikal; katutubong sining ng Mindanao; paglikha ng kahulugan.

Introduction

Nagsisilbing tagapag-ingat ng kasaysayan, kultura, at pagkakakilanlan ng mga katutubong pamayanan ang katutubong sining. Sa Mindanao, ang mga habi, ukit, palamuti, at iba pang anyong biswal ay naglalaman ng mga simbolo at pagpapahalagang sumasalin sa pananaw ng mga katutubo sa kanilang pamayanan at kalikasan. Sa pananaw ng hermenyutika, ang kahulugan ng isang likhang-sining ay hindi lamang matatagpuan sa mismong obra kundi nalilikha sa patuloy na ugnayan ng teksto, konteksto, at ng tagapagbigay-kahulugan. Sa kabila ng kahalagahan ng katutubong sining bilang pamana ng kultura, nananatiling limitado ang pag-unawa ng maraming mag-aaral sa mga kahulugang nakapaloob sa mga simbolo, motibo, at elementong biswal nito. Karamihan sa mga umiiral na pag-aaral ay nakatuon sa dokumentasyon, konserbasyon, at paglalarawan ng mga katutubong likhang-sining, samantalang kakaunti ang nagsusuri kung paano aktuwal na binibigyang-kahulugan ng mga mag-aaral ang mga ito batay sa kanilang karanasan, dating kaalaman, at kontekstong pangkultura. Dahil dito, nananatiling mahalagang siyasatin ang mismong proseso ng paglikha ng kahulugan upang higit na maunawaan kung paano nahuhubog ang interpretasyon ng mga mag-aaral sa mga katutubong likhang-sining.



Mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat makapag-aambag ito sa larangan ng edukasyong pangkultura, hermenyutika, at edukasyong pansining sa pamamagitan ng pagpapakita kung paano nabubuo ang kahulugan ng katutubong sining sa pananaw ng mga mag-aaral. Inaasahan ding magsisilbi itong batayan sa paglinang ng mga estratehiya sa pagtuturo na higit na nagpapahalaga sa katutubong sining ng Mindanao at sa pagpapalawak ng kamalayang pangkultura ng mga mag-aaral.

Ipinakikita ng mga napapanahong pag-aaral na ang pag-unawa sa sining ay hindi lamang nakabatay sa pagkilala sa mga elementong biswal kundi sa aktibong proseso ng interpretasyon at paglikha ng kahulugan. Ipinakita ni Palm Puchner (2021) na ang interpretasyon ng sining ay isang dayalohikong proseso kung saan aktibong nalilikha ng mga mag-aaral ang kahulugan batay sa kanilang karanasan at pakikipag-ugnayan sa likhang-sining. Samantala, binigyang-diin nina Qureshi, Sarantou, at Miettinen (2022) na ang *meaning-making* ay nabubuo sa pamamagitan ng ugnayan ng biswal na representasyon, personal na karanasan, at visual literacy ng tagapagbigay-kahulugan. Natuklasan naman ni Mpako (2022) na ang paggamit ng katutubong kaalaman sa pagtuturo ng sining ay nagpapalalim sa pagbuo ng kahulugan at sa pagpapahalaga sa identidad at kultura ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ipinakita nina Li et al. (2024) na ang integrasyon ng katutubong sining sa edukasyon ay nakapagpapaunlad ng kamalayang pangkultura at mas malalim na pagpapahalaga sa pamanang kultural ng mga pamayanan. Gayundin, natuklasan nina Meléndez et al. (2025) na ang edukasyong pansining sa mga kontekstong katutubo ay nakapagpapatibay ng kamalayang pangkultura at pagkilala sa pamana ng komunidad, ngunit nananatili ang pangangailangang pag-aralan ang proseso ng interpretasyon ng mga mag-aaral sa mga likhang-sining.

Bagama't may mga naunang pag-aaral na tumalakay sa katutubong sining at interpretasyon ng mga mag-aaral, nananatiling limitado ang mga pananaliksik na nagsusuri kung paano nabubuo ang kahulugan ng katutubong sining sa pamamagitan ng Pilosopikal na Hermenyutika ni Hans-Georg Gadamer. Karamihan sa mga pag-aaral ay nakatuon sa paglalarawan ng mga elementong biswal, visual literacy, o pagpapahalagang pangkultura, samantalang hindi gaanong nabibigyang-pansin ang interpretatibong proseso ng paglikha ng kahulugan batay sa ugnayan ng dating kaalaman, karanasan, historikal na kamalayan, at kontekstong pangkultura ng tagapagbigay-kahulugan. Ito ang puwang sa literatura na tinutugunan ng kasalukuyang pag-aaral.

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang Pilosopikal na Hermenyutika ni Hans-Georg Gadamer bilang teoretikal na lente upang maunawaan kung paano nabubuo ang kahulugan ng katutubong sining ng Mindanao. Sa pananaw ni Gadamer, ang pag-unawa ay isang patuloy na prosesong interpretatibo na nahuhubog ng pre-understanding, historically effected consciousness, hermeneutic circle, at fusion of horizons. Sa pamamagitan ng mga konseptong ito, sinuri ng pag-aaral kung paano nagtagpo ang dating kaalaman, karanasang pangkultura, at edukasyong pangwika ng mga mag-aaral sa kahulugang kinakatawan ng katutubong sining ng Mindanao. Isinagawa ang pag-aaral sa Taong Panuruan 2026–2027 sa Don Carlos Polytechnic College, Don Carlos, Bukidnon.

Research Questions

Layunin ng pag-aaral na masuri ang proseso ng paglikha ng kahulugan ng mga mag-aaral ng Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino sa kanilang pagpapakahulugan sa katutubong sining ng Mindanao.

Partikular, hinangad ng pag-aaral na masagot ang sumusunod na mga tanong:

1. Paano inilarawan ng mga mag-aaral ang mga biswal na elemento ng katutubong sining ng Mindanao?
2. Paano binigyang-kahulugan ng mga mag-aaral ang mga simbolo, motibo, disenyo, na nakapaloob sa katutubong sining ng Mindanao?
3. Paano nakaapekto ang kanilang dating kaalaman, karanasang pangkultura, at edukasyong pangwika sa proseso ng kanilang pagpapakahulugan sa katutubong sining ng Mindanao?
4. Paano nabuo ang kahulugan ng katutubong sining ng Mindanao batay sa hermenyutikal na pagsusuri sa mga interpretasyon ng mga mag-aaral?

Scope and Delimitation of the Study

Saklaw ng pag-aaral na ito ang pagsusuri sa proseso ng paglikha ng kahulugan ng mga mag-aaral ng Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino sa kanilang interpretasyon sa mga piling katutubong sining ng Mindanao. Sinuri nito ang kanilang paglalarawan sa mga elementong biswal, pagpapakahulugan sa mga simbolo at motibo, at ang impluwensiya ng dating kaalaman, karanasang pangkultura, at edukasyong pangwika sa pagbuo ng kahulugan. Isinagawa ang pag-aaral sa Don Carlos Polytechnic College sa Taong Panuruan 2025–2026. Nilimitahan ang pag-aaral sa hermenyutikal na pagsusuri ng mga interpretasyon ng mga kalahok at hindi nito saklaw ang kasaysayan, teknik ng paglikha, o artistikong kalidad ng mga katutubong sining.

Literature Review

Mga Biswal na Elemento ng Katutubong Sining Bilang Batayan ng Interpretasyon

Ayon kina Mills at Doyle (2019), ang mga biswal na elemento ng katutubong sining, tulad ng kulay, hugis, at disenyo, ay nagsisilbing pangunahing daluyan ng kaalamang pangkultura. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na ang maingat na pagmamasid sa mga elementong ito ay nakatutulong sa pagbuo ng interpretasyon. Natuklasan ni Pantaleo (2021) na ang *visual literacy* ay nagpapahusay sa kakayahan ng mga mag-aaral na suriin at bigyang-kahulugan ang mga elementong biswal ng isang likhang-sining. Binigyang-diin niya na ang sistematikong pagmamasid sa mga biswal na detalye ay nagbubunga ng mas malalim na pag-unawa. Ipinakita nina Rivera Santana at Akhurst (2021) na ang interpretasyon ng katutubong sining ay dapat nakabatay sa kontekstong pangkultura. Ayon sa kanilang pag-aaral, ang kahulugan ng mga biswal na elemento ay higit na nauunawaan kapag isinasaalang-alang ang kultura at tradisyong pinagmulan ng mga ito. Samantala, natuklasan ni Mpako (2022) na ang pagsasama ng katutubong kaalaman sa edukasyon sa sining ay nagpapalalim sa interpretasyon ng mga mag-aaral sa mga biswal na representasyon. Ipinakita rin na ang dating kaalaman ay may mahalagang papel sa pagbibigay-kahulugan sa mga likhang-sining.

Pagbibigay-kahulugan sa mga Simbolo, Motibo, Disenyo, at Iba pang Elementong Biswal

Ayon kay Pantaleo (2021), ang pagbibigay-kahulugan sa mga simbolo at iba pang elementong biswal ay bunga ng aktibong *meaning-making* ng mga mag-aaral. Natuklasan niya na ang mga mag-aaral ay gumagamit ng kulay, linya, perspektiba, at komposisyon upang makabuo ng sariling interpretasyon sa isang likhang-sining. Ipinakita nina Qureshi, Sarantou, at Miettinen (2022) na ang interpretasyon ng mga simbolo at disenyo ay nakabatay sa personal na karanasan at visual literacy ng tumitingin. Binigyang-diin nila na ang kahulugan ng isang simbolo ay hindi nakapirmi kundi nabubuo sa ugnayan ng obra at ng tagapagbigay-kahulugan. Natuklasan ni Mpako (2022) na ang mga simbolo at motibong nakapaloob sa katutubong sining ay nagiging mas makahulugan kapag iniuugnay sa katutubong kaalaman at kulturang pinagmulan. Ipinakita rin ng pag-aaral na ang pagsasama ng Indigenous knowledge sa art education ay nagpapalalim sa interpretasyon ng mga mag-aaral. Ayon kina Leddy at O'Neil (2022), ang pagtingin sa kontemporaryong katutubong sining ay nakatutulong sa mga mag-aaral na suriin ang mga simbolo at representasyong pangkultura nang mas kritikal. Natuklasan nilang ang *dialogic interpretation* ay nagpapalawak sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa identidad at kahulugan ng mga likhang-sining. Ipinakita rin ni Pantaleo (2021) na ang sistematikong pagtuturo ng visual literacy ay nagpapahusay sa kakayahan ng mga mag-aaral na magbigay-kahulugan sa mga simbolo, motibo, at iba pang elementong biswal sa iba't ibang multimodal na teksto.

Dating Kaalaman, Karanasang Pangkultura, at Edukasyong Pangwika sa Proseso ng Pagpapakahulugan

Ayon kina Gay at Biesta (2023), ang dating kaalaman at karanasan ng mga mag-aaral ay may mahalagang impluwensiya sa kanilang pagbibigay-kahulugan sa mga tekstong pangkultura. Natuklasan nilang higit na nagiging makahulugan ang interpretasyon kapag naiuugnay ng mga mag-aaral ang kanilang personal na karanasan at dating kaalaman sa kanilang sinusuri. Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang paglikha ng kahulugan ay isang prosesong nakabatay sa dating pagkatuto at karanasan. Ipinakita nina Mills et.al (2022) na ang karanasang pangkultura ay humuhubog sa paraan ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa katutubong sining. Ayon sa kanilang pag-aaral, ang mga mag-aaral na may mataas na kamalayang pangkultura ay higit na nakapagbibigay ng mas malalim na interpretasyon sa mga simbolo at elementong biswal ng mga katutubong likhang-sining. Natuklasan ni Mpako (2022) na ang integrasyon ng Indigenous knowledge sa pagtuturo ay nagpapalawak sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa kahulugan ng katutubong sining. Binigyang-diin niya na ang dating kaalaman at karanasang pangkultura ay nagsisilbing mahalagang salik sa pagbuo ng interpretasyon at pagpapahalaga sa mga likhang-sining. Ayon kina Cummins at Early (2021), ang edukasyong pangwika ay may mahalagang papel sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbibigay-kahulugan sa mga tekstong biswal at pangkultura. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na ang wika ay nagsisilbing kasangkapan sa pag-unawa at pagpapahayag ng kahulugan batay sa sariling karanasan at konteksto. Ipinakita rin nina Ladson-Billings at Milner (2021) na ang culturally responsive education ay nagpapalalim sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pag-uugnay ng kanilang kultura, wika, at karanasan sa mga aralin. Natuklasan nilang ang ganitong pamamaraan ay nagpapahusay sa kakayahan ng mga mag-aaral na magbigay ng makabuluhang interpretasyon sa mga tekstong may kontekstong pangkultura.

Pagbuo ng Kahulugan Batay sa Hermenyutikal na Pagsusuri

Ayon kina Moules et. al (2017), ang hermenyutika ay isang interpretibong proseso kung saan ang kahulugan ay nabubuo sa ugnayan ng teksto, karanasan, at tagapagbigay-kahulugan. Ipinakita nila na ang pag-unawa ay hindi isang tuwirang paglalarawan kundi bunga ng masusing pagninilay at interpretasyon. Ipinakita



ni Davey (2019) na sa pananaw ni Gadamer, ang kahulugan ay nabubuo sa *fusion of horizons*, kung saan nagsasanib ang dating kaalaman ng tagapagbigay-kahulugan at ang kontekstong kinakatawan ng teksto o likhang-sining. Ang prosesong ito ang nagpapalalim sa interpretasyon ng isang obra. Ayon kina Vermeersch et.al (2016), ang paggamit ng hermeyutikal na pagdulog sa pagtuturo ng sining ay nagpalalim sa interpretasyon ng mga mag-aaral sa kontemporaryong sining. Natuklasan nilang ang dayalogo at refleksiyon ay nagbunga ng mas makahulugan at mas malalim na pag-unawa sa mga likhang-sining. Natuklasan ni Schaufele (2020) na ang hermeyutikal na pagbasa ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na makabuo ng kahulugan sa pamamagitan ng patuloy na ugnayan ng mambabasa at teksto. Binigyang-diin niya na ang interpretasyon ay isang dayalohiko at reflektibong proseso na humuhubog sa pag-unawa.

Methodology

Research Design

Ginamit sa pag-aaral ang qualitative research approach sa pamamagitan ng hermeneutical research design. Ang disenyong ito ay angkop sapagkat nakatuon ito sa pag-unawa at pagbibigay-kahulugan sa mga karanasan at interpretasyon ng mga kalahok sa halip na pagsukat ng mga baryabol. Ginamit ang pilosopikal na hermeyutika ni Hans-Georg Gadamer upang masuri kung paano nabuo ang kahulugan ng katutubong sining ng Mindanao batay sa ugnayan ng mga biswal na elemento, dating kaalaman, karanasang pangkultura, at edukasyong pangwika ng mga mag-aaral.

Sampling Design

Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng mga kalahok upang matiyak na ang mga ito ay may kaugnay na karanasan at kakayahang magbigay ng malalim na interpretasyon sa mga piling katutubong sining ng Mindanao. Ang mga kalahok ay pawang mga mag-aaral ng Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino ng Don Carlos Polytechnic College. Ang pangangalap ng datos ay isinagawa hanggang sa makamit ang data saturation, kung saan wala nang lumilitaw na bagong tema o kahulugan mula sa mga panayam.

Research Locale

Isinagawa ang pag-aaral sa Don Carlos Polytechnic College, Don Carlos, Bukidnon. Pinili ang institusyong ito sapagkat nag-aalok ito ng programang Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino, kung saan inaasahang may sapat na kaalaman at pagpapahalaga ang mga mag-aaral sa wika, panitikan, at kulturang Pilipino na mahalaga sa interpretasyon ng katutubong sining ng Mindanao.

Research Participants

Lumahok sa pag-aaral ang mga sampung (10) piling mag-aaral ng Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino ng Don Carlos Polytechnic College. Ginamit ang purposive sampling upang mapili ang mga kalahok na may kakayahang magbigay ng mayamang paglalarawan at interpretasyon ng mga piling katutubong sining ng Mindanao. Ang bilang ng mga kalahok ay ibinatay sa prinsipyo ng data saturation, kung saan itinigil ang pangangalap ng datos nang wala nang lumilitaw na bagong tema o kahulugan.

Research Instrument

Ginamit sa pag-aaral ang isang semi-structured interview guide na binuo ng mananaliksik batay sa layunin ng pag-aaral at sa mga konsepto ng hermeyutika. Kalakip din nito ang mga piling larawan ng katutubong sining ng Mindanao na nagsilbing pangunahing teksto ng interpretasyon ng mga kalahok. Ang interview guide ay isinailalim sa content validation ng tatlong eksperto sa pananaliksik at kulturang Pilipino upang matiyak ang pagiging angkop at malinaw ng mga tanong.

Data Gathering Procedure

Humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik sa pamunuan ng Don Carlos Polytechnic College bago isagawa ang pangangalap ng datos. Matapos ang pagkuha ng informed consent, ipinakita sa mga kalahok ang mga piling larawan ng katutubong sining ng Mindanao. Pagkatapos nito, isinagawa ang semi-structured interview upang maitala ang kanilang paglalarawan, interpretasyon, at pagpapakahulugan sa mga likhang-sining. Ang lahat ng panayam ay naitala, isinalin sa tekstuwal na anyo (*transcription*), at inihanda para sa pagsusuri.

Results and Discussions

Tanong sa Pananaliksik 1: Paano inilarawan ng mga mag-aaral ang mga biswal na elemento ng katutubong sining ng Mindanao?

Talahanayan 1. Paglalarawan ng mga Mag-aaral sa mga Biswal na Elemento ng Katutubong Sining ng Mindanao

	Tema	Kategorya	Paunang Koda
1.	Pagkilala sa mga Kulay at Hugis	Kulay at Hugis	Pula, puti, itim, geometric pattern, linya
2.	Pagkilala sa Estruktura at Disenyo	Pattern at komposisyon	Paulit-ulit na disenyo, balanseng komposisyon, organisadong pagkakahabi
3.	Pagmamasid sa Proseso ng Paglikha	Manghahabi at Proseso	Husay, tiyaga, dedikasyon, mano-manong paghahabi

Lumitaw sa mga salaysay ng mga kalahok na ang kanilang unang paglalarawan sa T'nalak ay nakatuon sa mga kulay, hugis, linya, at mga geometric na disenyo. Ang mga elementong ito ang nagsilbing paunang batayan ng kanilang pagtingin at pag-unawa sa katutubong sining. Mula sa mga salaysay ng mga kalahok, malinaw na ang kanilang pag-unawa sa T'nalak ay nagsimula sa kongkretong pagmamasid sa mga biswal na elemento. Ang mga kulay, hugis, at disenyo ang nagsilbing panimulang sanggunian sa pagbuo ng kahulugan bago nila ito maiugnay sa mas malawak na kontekstong pangkultura. Sa hermenyutikal na pananaw ni Gadamer, ang pag-unawa ay hindi agad ganap na natatamo; ito ay unti-unting nabubuo sa pamamagitan ng patuloy na pakikipag-ugnayan ng tagapagbigay-kahulugan sa tekstong o bagay na kanyang pinagmamasdan. Sa pag-aaral na ito, ang mga biswal na elemento ng T'nalak ang nagsilbing unang hakbang tungo sa mas malalim na pag-unawa sa katutubong sining.

Hindi lamang ang mga biswal na elemento ang napansin ng mga kalahok, kundi maging ang organisasyon at komposisyon ng mga disenyo. Inilarawan nila ang T'nalak bilang isang likhang-sining na may maayos na pagkakaayos ng mga pattern, kung saan makikita ang balanse, kaayusan, at pagkakaugnay ng bawat elemento. Ipinakita ng mga salaysay na ang kanilang pagmamasid ay hindi lamang nakatuon sa panlabas na anyo ng disenyo kundi pati sa estrukturang bumubuo rito. Sa hermenyutikal na pananaw, ang kanilang pagtingin sa organisasyon ng mga disenyo ay naging daan upang makita ang T'nalak bilang isang sinadyang pagpapahayag ng kaayusan, pagkamalikhain, at kulturang T'boli. Sa patuloy na pagmumuni sa mga detalyeng kanilang nakita, unti-unti nilang nabuo ang mas malalim na pagpapakahulugan sa likhang-sining.

Bukod sa natapos na likhang-sining, binigyang-pansin din ng mga kalahok ang proseso ng paghahabi. Inilarawan nila ang manghahabi bilang masinop, matiyaga, at nagtataglay ng mataas na antas ng kasanayan sa paglikha ng T'nalak. Sa pananaw ng mga kalahok, ang paghahabi ay higit pa sa isang teknikal na gawain. Ang kanilang pagmamasid sa tiyaga, kasanayan, at dedikasyon ng manghahabi ay nagbukas ng mas malalim na pag-unawa sa mga pagpapahalagang nakapaloob sa proseso ng paglikha. Sa hermenyutikal na pananaw, ang kahulugan ng T'nalak ay hindi lamang matatagpuan sa natapos na tela kundi maging sa mismong proseso ng paghahabi, sapagkat dito nasasalamin ang pagpapatuloy ng tradisyon, kaalamang pangkultura, at malikhaing pagpapahayag ng pamayanang T'boli.

Ang mga natuklasang ito ay sinusupportahan ng mga naunang pag-aaral hinggil sa interpretasyon ng katutubong sining. Ayon kina Mills at Doyle (2019), ang mga biswal na elemento tulad ng kulay, hugis, at disenyo ay nagsisilbing daluyan ng kaalamang pangkultura at mahalagang batayan sa pagbuo ng kahulugan. Pinagtibay ito ni Pantaleo (2021) sa kanyang pananaw na ang sistematikong pagmamasid sa mga elementong biswal at sa organisasyon ng kanilang komposisyon ay nagpapalawak ng visual literacy at nagpapalalim ng interpretasyon ng isang likhang-sining. Dagdag pa rito, ipinakita nina Rivera Santana at Akhurst (2021) na higit na nagiging makabuluhan ang pag-unawa sa katutubong sining kapag isinasalang-alang hindi lamang ang mga biswal na katangian nito kundi maging ang malikhaing proseso at kontekstong pangkulturang pinagmulan nito. Sa kabuuan, ipinakikita ng mga pag-aaral na ang mga biswal na elemento, organisasyon ng disenyo, at proseso ng paglikha ay magkakaugnay na aspekto na nagsisilbing lunsaran ng mas malalim na pag-unawa sa kahulugan ng pangkultura ng T'nalak.

Tanong sa Pananaliksik 2: Paano binigyang-kahulugan ng mga mag-aaral ang mga simbolo, motibo, disenyo, at iba pang elementong biswal na nakapaloob sa katutubong sining ng Mindanao?

Talahanayan 2. Pagbibigay-kahulugan ng mga Mag-aaral sa mga Simbolo, Motibo, at Disenyo ng Katutubong Sining ng Mindanao

	Tema	Kategorya	Paunang Koda
1.	Pagkilala sa Katutubong Sining Bilang Sagisag ng Pagkakakilanlan	Pagpapahayag ng identidad.	Pagkakakilanlan, kultura, tradisyon, pamana, komunidad
2.	Pag-unawa sa mga Simbolo Bilang Tagapagpahayag ng Kasaysayan at Paniniwala	Pag-uugnay sa kasaysayan	Kuwento, kasaysayan, paniniwala, kalikasan, pagpapahalaga
3.	Pagkilala sa Pagkakagawa ng T'nalak	Simbolo bilang komunikasyon; Pagpapasa ng kultura	Mensahe, pagpapahayag, komunikasyon, pagpapatuloy ng kultura, kolektibong alaala

Ipinakita ng mga kalahok na ang T'nalak ay hindi lamang isang hinabing tela kundi isang mahalagang simbolo ng pagkakakilanlan at kultura ng mga T'boli. Sa kanilang mga salaysay, iniugnay nila ang mga simbolo at disenyo sa tradisyon, pamana, at kolektibong identidad ng komunidad, na nagpapakita na ang T'nalak ay nagsisilbing representasyon ng kanilang pamumuhay at pagpapahalaga. Mula sa mga salaysay ng mga kalahok, lumitaw na ang kahulugan ng mga simbolo ay hindi lamang nakabatay sa kanilang nakikitang anyo kundi sa ugnayan ng mga ito sa kultura ng mga T'boli. Sa hermenyutikal na pananaw ni Gadamer, ang pag-unawa ay nabubuo sa pamamagitan ng patuloy na pag-uugnay ng dating kaalaman at kasalukuyang karanasan sa isang tekstong binibigyang-kahulugan. Sa pag-aaral na ito, iniugnay ng mga kalahok ang kanilang paunang pag-unawa sa konsepto ng kultura sa kanilang pagmamasid sa T'nalak, kaya ang mga simbolo ay naging makabuluhang representasyon ng kolektibong identidad ng pamayanang T'boli.

Hindi lamang bilang mga simbolo ng identidad nakita ng mga kalahok ang T'nalak, kundi bilang tagapag-ingat din ng kasaysayan at paniniwala ng komunidad. Inilarawan nila ang mga simbolo at disenyo bilang mga elementong naglalaman ng mga kuwento, karanasan, at paniniwalang naipapasa sa paglipas ng panahon. Para sa kanila, ang bawat disenyo ay may pinagmulan at layuning higit pa sa pagiging pandekorasyon. Ipinakita ng mga salaysay na ang mga simbolo ay nagsilbing daan upang mabuo ang pag-unawa ng mga kalahok sa kasaysayan at pananaw ng mga T'boli. Sa hermenyutikal na pananaw, ang kahulugan ay unti-unting nabuo habang iniuugnay nila ang kanilang sariling karanasan at dating kaalaman sa mga posibleng pinagmulan at kabuluhan ng mga simbolo. Dahil dito, ang mga disenyo ay hindi na lamang nakita bilang mga biswal na elemento kundi bilang mga tagapag-ingat ng kolektibong alaala, paniniwala, at karanasang pangkultura ng komunidad.

Lumitaw rin sa mga salaysay na ang T'nalak ay nagsisilbing paraan ng pagpapahayag at pagpapasa ng kultura mula sa isang henerasyon patungo sa susunod. Inilarawan ng mga kalahok ang mga simbolo bilang isang "wika" na naghahatid ng mga mensahe, pagpapahalaga, at kaalamang pangkultura na patuloy na isinasabuhay ng pamayanang T'boli. Makikita sa mga salaysay na ang mga kalahok ay hindi lamang nagbigay-kahulugan sa mga simbolo bilang mga biswal na elemento kundi bilang isang anyo ng komunikasyong pangkultura. Sa hermenyutikal na pananaw, ang T'nalak ay naunawaan bilang isang tekstong pangkultura na maaaring "basahin" upang maunawaan ang mga pagpapahalaga, kasaysayan, at pananaw ng komunidad. Sa prosesong ito, ang kahulugan ay hindi nananatili sa mismong disenyo kundi patuloy na nabubuo sa ugnayan ng tumitingin at ng kulturang kinakatawan ng sining.

Ang mga natuklasang ito ay umaayon sa mga naunang pag-aaral hinggil sa katutubong sining bilang daluyan ng kahulugang pangkultura. Ayon kina Rivera Santana at Akhurst (2021), higit na nauunawaan ang kahulugan ng katutubong sining kapag isinasalang-alang ang kontekstong pangkultura na pinagmulan nito. Sinang-ayunan ito nina Mills at Doyle (2019) sa kanilang pananaw na ang mga simbolo sa katutubong sining ay nagsisilbing tagapag-ingat ng pagkakakilanlan, tradisyon, at kaalamang pangkomunidad. Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Pantaleo (2021) na ang masusing pagsusuri sa mga simbolo ay nagpapalalim sa pagbuo ng kahulugan sapagkat ang mga ito ay nagsisilbing tagapaghatid ng mga mensahe at pagpapahalagang nakaugat sa kultura. Sa kabuuan, ipinakikita ng mga pag-aaral na ang T'nalak ay hindi lamang isang likhang-sining kundi isang tekstong pangkultura na naglalaman at nagpapatuloy ng identidad, kasaysayan, at kolektibong alaala ng pamayanang T'boli.

Tanong sa Pananaliksik 3: Paano nakaapekto ang kanilang dating kaalaman, karanasang pangkultura, at edukasyong pangwika sa proseso ng kanilang pagpapakahulugan sa katutubong sining ng Mindanao?

Talahanayan 3. Impluwensiya ng Dating Kaalaman, Karanasang Pangkultura, at Edukasyong Pangwika sa Pagpapakahulugan ng mga Mag-aaral sa Katutubong Sining ng Mindana

	Tema	Kategorya	Paunang Koda
1.	Dating Kaalaman Bilang Batayan ng Pagpapakahulugan	Akademikong kaalaman; Paunang kaalaman	Naunang kaalaman, kaalaman sa T'nalak, impormasyon, pagkatuto
2.	Karanasang Pangkultura Bilang Salik sa Pag-unawa	Personal na karanasan; Pagpapahalaga sa kultura	Karanasang pangkultura, paggalang sa kultura, sariling komunidad, tradisyon
3.	Edukasyong Pangwika Bilang Daluyan ng Mas Malalim na Pag-unawa	Pag-aaral sa Filipino; Pag-aaral ng kultura at panitikan	Mensahe, pagpapahayag, komunikasyon, pagpapatuloy ng kultura, kolektibong alaala

Lumitaw sa mga salaysay ng mga kalahok na ang kanilang dating kaalaman tungkol sa T'nalak at sa kulturang Pilipino ang nagsilbing panimulang batayan sa pagbibigay-kahulugan sa katutubong sining. Hindi nila tiningnan ang T'nalak bilang isang ganap na bagong karanasan; sa halip, iniugnay nila ito sa mga dati na nilang nalalaman tungkol sa kulturang Pilipino at sa mga katutubong tradisyon.

Makikita sa mga salaysay na ang pag-unawa ng mga kalahok ay nagsimula sa kanilang mga naunang kaalaman at karanasan. Sa hermenyutikal na pananaw ni Gadamer, ang *pre-understanding* (*Vorverständnis*) ang nagsisilbing panimulang lente sa pagbibigay-kahulugan, sapagkat ang bawat interpretasyon ay nakabatay sa mga naipong kaalaman at pagpapalagay ng tagapagbigay-kahulugan. Sa pag-aaral na ito, ang mga dating kaalaman ng mga kalahok tungkol sa kultura at katutubong sining ang naging pundasyon ng kanilang pag-unawa sa kahulugan ng T'nalak.

Ipinakita rin ng mga kalahok na ang kanilang mga karanasang pangkultura at pagpapahalaga sa tradisyon ay nakaimpluwensiya sa paraan ng kanilang pagpapakahulugan sa T'nalak. Ang kanilang pagtingin sa likhang-sining ay hindi lamang bunga ng pagmamasid sa mga biswal na elemento kundi nakaugat din sa kanilang sariling mga karanasan at pagpapahalagang pangkultura.

Ipinakikita ng mga salaysay na ang interpretasyon ng mga kalahok ay nahubog ng kanilang sariling kontekstong historikal at pangkultura. Sa pananaw ni Gadamer, ito ay maipaliwanag sa konsepto ng *historically effected consciousness* (*Wirkungsgeschichtliches Bewusstsein*), kung saan ang pag-unawa ay patuloy na naapektuhan ng kasaysayan, kultura, at mga karanasang humuhubog sa pananaw ng tao. Dahil dito, ang kanilang pagpapakahulugan sa T'nalak ay hindi maihihiwalay sa mga karanasang kanilang kinamulan at patuloy na isinasabuhay.

Lumitaw rin sa mga salaysay na ang pag-aaral ng wikang Filipino, panitikan, at kulturang Pilipino ay nagbigay sa mga kalahok ng mas malawak na pananaw sa kahalagahan ng katutubong sining. Para sa kanila, ang mga natutuhan sa loob ng silid-aralan ay nakatulong upang higit nilang maunawaan ang ugnayan ng T'nalak sa kasaysayan, kultura, at pagkakakilanlan ng mga T'boli.

Makikita sa mga salaysay na ang edukasyong pangwika ay naging mahalagang bahagi ng paghubog sa pananaw ng mga kalahok. Sa hermenyutikal na pananaw, ang edukasyon ay hindi lamang pinagmumulan ng kaalaman kundi isa ring karanasang humuhubog sa *historically effected consciousness* ng tao. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng wika, panitikan, at kultura, higit na napalawak ang kanilang kakayahang magbigay-kahulugan sa T'nalak bilang isang tekstong pangkultura.

Ang mga natuklasang ito ay sinusuportahan ng mga naunang pag-aaral na nagpapakita ng mahalagang papel ng dating kaalaman, karanasang pangkultura, at edukasyon sa pagbuo ng kahulugan. Ayon kina Gay at Biesta (2023), ang dating kaalaman at personal na karanasan ay nagsisilbing pundasyon sa interpretasyon ng mga tekstong pangkultura. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Mpako (2022) na ang *Indigenous knowledge* at mga karanasang pangkultura ay nagpapalalim sa interpretasyon at pagpapahalaga sa katutubong sining. Sinang-ayunan ito nina Mills et al. (2022), na nagpakitang ang mga karanasang pangkultura ay humuhubog sa paraan ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga katutubong likhang-sining. Dagdag pa rito, ipinakita nina Cummins at Early (2021) na ang edukasyong pangwika ay nagsisilbing mahalagang kasangkapan sa pagbuo ng kahulugan sa mga tekstong biswal at pangkultura, samantalang pinagtibay nina Ladson-Billings at Milner (2021) na ang *culturally responsive education* ay nagpapalalim sa interpretasyon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pag-uugnay ng kanilang wika, kultura, at mga karanasan sa proseso ng pagkatuto. Sa kabuuan, ipinakikita ng mga pag-aaral na ang pag-unawa sa T'nalak ay hindi lamang bunga ng pagmamasid sa mismong likhang-sining kundi resulta rin ng ugnayan ng dating kaalaman, karanasang pangkultura, at edukasyong humubog sa pananaw ng mga kalahok.

Tanong sa Pananaliksik 4: Paano nabuo ang kahulugan ng katutubong sining ng Mindanao batay sa hermenyutikal na pagsusuri sa mga interpretasyon ng mga mag-aaral?

Talahanayan 4. Pagbuo ng Kahulugan ng Katutubong Sining ng Mindanao Batay sa Hermenyutikal na Pagsusuri

	Tema	Kategorya	Paunang Koda
1.	Tema 1. Pagbuo ng Kahulugan sa Pamamagitan ng Pag-uugnay ng Pagmamasid at Dating Kaalaman	Pag-uugnay ng obserbasyon; Pagpapalalim ng pag-unawa	Pagmamasid, dating kaalaman, pagninilay, pag-uugnay ng karanasan
2.	Tema 2. Pagkilala sa Katutubong Sining Bilang Daluyan ng Kultura at Pagkakakilanlan	Pagpapahalaga sa kultura; Pagkilala sa identidad	Kultura, identidad, tradisyon, pamana, pagpapahalaga
3.	Tema 3. Pagbabago ng Pag-unawa sa Pamamagitan ng Hermenyutikal na Proseso	Pagbabago ng pananaw; Mas malalim na interpretasyon	Pagbabago ng pananaw, mas malalim na pag-unawa, bagong kahulugan, pagninilay

Ipinakita ng mga kalahok na ang kanilang pag-unawa sa T'nalak ay hindi nabuo sa isang pagkakataon lamang kundi umusbong sa patuloy na pag-uugnay ng kanilang pagmamasid sa mga biswal na elemento, dating kaalaman, at mga karanasang pangkultura. Sa kanilang mga salaysay, makikita na ang interpretasyon ay unti-unting lumalim habang kanilang pinagninilayan ang kahulugan ng mga simbolo at iniuugnay ang mga ito sa mas malawak na konteksto ng kulturang T'boli.

Makikita sa mga salaysay na ang kahulugan ng T'nalak ay hindi agad nabuo sa unang pagtingin. Sa halip, ito ay umunlad sa pamamagitan ng patuloy na ugnayan ng pagmamasid, dating kaalaman, at mapagninilay na pag-unawa. Sa hermenyutikal na pananaw ni Gadamer, ang prosesong ito ay maipaliliwanag sa konsepto ng *fusion of horizons*, kung saan nagsasanib ang paunang pag-unawa ng tagapagbigay-kahulugan at ang kahulugang ipinahahayag ng tekstong pangkultura. Sa pag-aaral na ito, ang dating kaalaman at karanasan ng mga kalahok ay nakipag-ugnayan sa mga simbolo, disenyo, at kontekstong pangkultura ng T'nalak upang makabuo ng mas malalim at mas malawak na interpretasyon.

Sa pag-usad ng proseso ng interpretasyon, nakita ng mga kalahok ang T'nalak bilang higit pa sa isang likhang-sining. Mula sa paunang pagtuon sa mga kulay, hugis, at disenyo, umabot sila sa pagkilala na ang T'nalak ay isang makabuluhang pagpapahayag ng kultura, tradisyon, kasaysayan, at pagkakakilanlan ng mga T'boli. Ipinakikita nito na ang pag-unawa ay lumalawak habang higit na nauunawaan ng tagapagbigay-kahulugan ang kontekstong pinagmumulan ng isang likhang-sining.

Lumitaw rin sa mga salaysay na nagbago at lumalim ang pananaw ng mga kalahok habang nagpapatuloy ang kanilang pagmamasid at pagninilay sa T'nalak. Hindi nanatiling pareho ang kanilang unang interpretasyon; sa halip, ito ay patuloy na nahubog habang isinaalang-alang nila ang mga bagong pananaw at kahulugang kanilang natuklasan. Sa hermenyutikal na pananaw ni Gadamer, ang pag-unawa ay isang bukas at nagpapatuloy na proseso ng pakikipagdayalogo sa teksto o likhang-sining, kung saan ang bawat bagong pagninilay ay nagbubukas ng panibagong posibilidad ng kahulugan.

Ang mga natuklasang ito ay umaayon sa mga naunang pag-aaral hinggil sa hermenyutikal na pagbuo ng kahulugan. Ayon kay Schaufele (2020), ang hermenyutikal na pagbasa ay isang dayalohiko at mapagninilay na proseso na humuhubog sa pag-unawa ng mambabasa. Sinang-ayunan ito nina Moules et al. (2017), na nagpakitang ang kahulugan ay nabubuo sa interpretibong ugnayan ng teksto, karanasan, at tagapagbigay-kahulugan. Kaugnay nito, ipinaliwanag ni Davey (2019) na ang *fusion of horizons* ay nagpapalalim sa interpretasyon sa pamamagitan ng pagsasanib ng dating kaalaman at ng kontekstong kinakatawan ng teksto o likhang-sining. Dagdag pa rito, ipinakita nina Vermeersch et al. (2016) na ang hermenyutikal na pagdulog sa sining ay nagpapalalim sa pag-unawa sa pamamagitan ng dayalogo, refleksiyon, at patuloy na pakikipag-ugnayan sa kahulugang nakapaloob sa isang likhang-sining. Sa kabuuan, ipinakikita ng mga pag-aaral na ang pagbuo ng kahulugan ay isang dinamiko, reflektibo, at patuloy na umuunlad na proseso na nakaugat sa ugnayan ng karanasan, konteksto, at interpretasyon.

Sa kabuuan, ipinakita ng pagsusuri na ang pagbuo ng kahulugan sa katutubong sining ng Mindanao ay hindi nagaganap sa isang pagkakataon lamang kundi umusbong sa patuloy na ugnayan ng pagmamasid, dating kaalaman, karanasang pangkultura, at mapagninilay na interpretasyon ng mga mag-aaral. Sa prosesong ito, ang kanilang paunang pananaw ay unti-unting nababago at napalalawak habang nakikipagdayalogo sila sa mga simbolo, motibo, at kontekstong pangkultura ng T'nalak. Sa lente ng Gadamerian Hermeneutics, ang prosesong ito ay kumakatawan sa *fusion of horizons*, kung saan nagsasanib ang sariling pananaw ng mga mag-aaral at ang kahulugang ipinahahayag ng katutubong sining. Bunga nito, ang T'nalak ay hindi na lamang naunawaan bilang isang hinabing tela o likhang-biswal, kundi bilang isang tekstong pangkultura na



naglalaman ng identidad, kasaysayan, tradisyon, at kolektibong alaala ng pamayanang T'boli. Ipinakikita ng pag-aaral na ang pag-unawa sa katutubong sining ay isang patuloy na proseso ng paglikha ng kahulugan na nabubuo sa aktibong pakikipag-ugnayan ng tagapagbigay-kahulugan sa kulturang kinakatawan ng sining.

Ethical Considerations

Sa pagsasagawa ng pag-aaral, mahigpit na isinasaalang-alang ang mga pamantayang etikal upang mapangalagaan ang kapakanan, karapatan, at dignidad ng mga kalahok. Bago isinagawa ang panayam, humingi ang mananaliksik ng pahintulot mula sa kinauukulang awtoridad at ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin, proseso, at kahalagahan ng pag-aaral. Ang kanilang pakikilahok ay boluntaryo, at binigyan sila ng karapatang tumanggi o umatras anumang oras nang walang anumang kaparusahan. Bilang paggalang sa pagiging kompidensiyal ng mga kalahok, gumamit ang mananaliksik ng mga pseudonym o participant codes sa halip na tunay na pangalan. Ang lahat ng nakalap na datos ay ginamit lamang para sa layunin ng pag-aaral at ligtas na iningatan upang mapanatili ang pagiging kompidensiyal ng impormasyon. Bilang isang pag-aaral na nakatuon sa katutubong sining ng Mindanao, isinagawa ang interpretasyon nang may paggalang sa kultura, paniniwala, at pagkakakilanlan ng mga katutubong pamayanan. Sinikap ng mananaliksik na maiwasan ang maling representasyon ng kanilang kultura sa pamamagitan ng maingat at responsableng hermenyutikal na pagsusuri ng mga salaysay ng mga kalahok.

Conclusion

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na mga kongklusyon: Inilarawan ng mga mag-aaral ang katutubong sining ng Mindanao sa pamamagitan ng mga biswal na elemento tulad ng kulay, hugis, disenyo, at proseso ng paghahabi, na nagsilbing panimulang batayan ng kanilang pag-unawa. Binigyang-kahulugan ng mga mag-aaral ang mga simbolo, motibo, at disenyo bilang mga representasyon ng kultura, pagkakakilanlan, tradisyon, at paniniwala ng mga katutubong pamayanan, na nagpapakita ng mas malalim na interpretasyon sa likhang-sining. Napatunayang nakaimpluwensiya ang dating kaalaman, karanasang pangkultura, at edukasyong pangwika sa paraan ng pagpapakahulugan ng mga mag-aaral. Ang kanilang mga naunang karanasan at natutuhan ay nagsilbing mahalagang saligan sa pagbuo ng interpretasyon. Sa pananaw ng Gadamerian Hermeneutics, ang pagbuo ng kahulugan ay isang dinamiko at reflektibong proseso. Nabuo ang pag-unawa sa pamamagitan ng patuloy na pag-uugnayan ng pagmamasid, dating kaalaman, pagninilay, at kontekstong pangkultura, na humantong sa fusion of horizons sa pagitan ng pananaw ng mga mag-aaral at ng kahulugang kinakatawan ng katutubong sining ng Mindanao. Sa kabuuan, ipinakikita ng pag-aaral na ang Pilosopikal na Hermenyutika ni Hans-Georg Gadamer ay isang angkop na balangkas sa pag-unawa sa proseso ng paglikha ng kahulugan sa katutubong sining ng Mindanao. Dahil sa teoretikal at praktikal na ambag nito sa larangan ng edukasyong pangwika, hermenyutika, at edukasyong pangkultura, maaaring maipresenta ang mga natuklasan ng pag-aaral sa mga pambansa at pandaigdigang kumperensiyang pang-akademiko upang higit pang mapalawak ang diskurso hinggil sa interpretasyon ng katutubong sining at sa paglinang ng kamalayang pangkultura ng mga mag-aaral.

Recommendations

Batay sa mga natuklasan at konklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda ang mga sumusunod: Sa mga guro sa Filipino at Araling Panlipunan, higit pang isama ang katutubong sining ng Mindanao sa mga gawaing pampagtuturo upang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa hermenyutikal na pagbasa at pagpapakahulugan ng mga tekstong biswal at pangkultura. Sa mga institusyon ng mataas na edukasyon, bumuo ng mga programang pang-akademiko at gawaing pangkultura na magpapalawak sa kamalayan ng mga mag-aaral tungkol sa katutubong sining at pamana ng iba't ibang pangkat etniko sa Pilipinas. Sa mga mananaliksik, magsagawa ng mga kaugnay na pag-aaral gamit ang iba pang hermen-yutikal na pananaw o iba pang katutubong sining sa Pilipinas upang higit pang mapalawak ang pag-unawa sa proseso ng paglikha ng kahulugan. Sa mga susunod na pag-aaral, maaaring isama ang mga katutubong artista, manghahabi, at mga kasapi ng katutubong pamayanan bilang mga kalahok upang magkaroon ng mas malawak at mas malalim na pananaw sa kahulugan ng katutubong sining.

References

- Cummins, J., & Early, M. (2021). *Identity texts: The collaborative creation of power in multilingual schools* (2nd ed.). Trentham Books.
- Davey, N. (2019). *Unquiet understanding: Gadamer's philosophical hermeneutics*. State University of New York Press.



- Jensen, M., et al. (2026). Nursing students' learning of relational competencies through art-based pedagogy: A qualitative study. *Nurse Education Today*, 146, 106378. <https://doi.org/10.1016/j.nedt.2026.106378>
- Ladson-Billings, G. (2021). Culturally relevant pedagogy: Asking a different question. *Teachers College Record*, 123(13), 1–26. <https://doi.org/10.1177/016146812112301302>
- Leddy, S., & O'Neil, S. (2022). Learning to see: Generating decolonial literacy through contemporary identity-based Indigenous art. *International Journal of Education & the Arts*, 23(9), 1–20. <https://doi.org/10.26209/ijea23n9>
- Li, Z., Li, K., Sarygulovna, K. A., & Zhicheng, F. (2024). The feasibility of integrating indigenous art into Chinese higher art education. *Conservation Science in Cultural Heritage*, 24(1), 373–393. <https://doi.org/10.6092/issn.1973-9494/22502>
- Mills, K. A., & Doyle, K. (2019). Visual arts: A multimodal language for Indigenous education. *Language and Education*, 33(6), 521–543. <https://doi.org/10.1080/09500782.2019.1635618>
- Moules, N. J., McCaffrey, G., Field, J. C., & Laing, C. M. (2017). *Conducting hermeneutic research: From philosophy to practice* (2nd ed.). Peter Lang.
- Mpako, N. P. (2022). An Indigenous epistemological revival through an inclusive art practice teaching method. *International Journal of Education Through Art*, 18(2), 243–258. https://doi.org/10.1386/eta_00097_1
- Palm Puchner, N. (2021). Decolonizing the classroom: Native American art history, the voice of Indigenous students, and community-oriented teaching. *Art History Pedagogy & Practice*, 6(1), 1–20. <https://academicworks.cuny.edu/ahpp/vol6/iss1/6>
- Pantaleo, S. (2021). Student meaning-making of the artwork in a science trade book: An interdisciplinary opportunity for developing visual literacy. *Literacy Research and Instruction*, 60(4), 332–351. <https://doi.org/10.1080/19388071.2020.1854906>
- Qureshi, A., Sarantou, M., & Miettinen, S. (2022). Meaning-making and interpretation through personal mandalas in the context of visual literacy. *Journal of Visual Literacy*, 41(3–4), 247–260. <https://doi.org/10.1080/1051144X.2022.2132625>
- Rivera Santana, C., & Akhurst, G. (2021). Critical creative pedagogies: A decolonial and Indigenous approach using visual arts and creative writing. *The Australian Journal of Indigenous Education*, 50(1), 47–54. <https://doi.org/10.1017/jie.2019.20>
- Schaufele, M. (2020). Why are we reading this? Hermeneutic inquiry into the practice of teaching (with) literature. *Educational Studies*, 56(2), 145–159. <https://doi.org/10.1080/00131946.2020.1727483>
- Vermeersch, L., Frenssen, T., & Elias, W. (2016). Gadamer in the classroom: Using a hermeneutic approach to deepen students' interpretation of contemporary art. *The International Journal of Arts Education*, 11(1), 1–15.